SINO ANG MGA BOLUNTARYONG CASA?

Mga Background.

Ang mga Boluntaryong CASA ay nagmumula sa lahat ng background at antas ng pamumuhay. Hindi kailangang maging mga abogado o social worker ang mga CASA; sila ay mga pangkaraniwang tao mula sa iba't ibang pang-edukasyon at propesyonal na background. Partikular na mas mababa ang pangangatawan sa mga batang Aprikanong Amerikano, Hispanic, Katutubo ng Amerika at LGBTQ kumpara sa kanilang dami pagdating sa kapakanan ng bata at patuloy na nakakaranas ng mga hindi pantay na resulta. Samakatuwid, mahalaga na isinasalamin at pinaparangalan ng aming mga Boluntaryong CASA ang pagkakaiba ng ating komunidad.

Mga Kinakailangan.

Ang mga Boluntaryong CASA ay dapat 21 taong gulang, may edukasyon sa mataas na paaralan, mayroong may bisang lisensiya sa pagmamaneho, at kumumpleto ng pagsusuri ng background.

Pagsasanay.

Ang mga kwalipikadong aplikante ay kukumpleto ng panayam at bibigyan ng 30+ oras ng pagsasanay bago nila pangasiwaan ang kanilang unang kaso, na may karagdagang 12 oras ng patuloy na edukasyon kada taon. Makakatanggap ang mga boluntaryo ng patuloy na suporta at pangangasiwa mula sa programa upang mabisang maitaguyod ang mga batang pinaglilingkuran namin.

MAGING CASA NGAYON.

700,000+

Mga batang pumapasok sa foster na pangangalaga kada taon sa buong bansa.

19.2 Buwan

Ang average na tagal ng panahon na nananatili ang bata sa foster na pangangalaga.

1 Bata

Ang pagkakaroon ng Boluntaryong CASA ay makakapagpabago ng buhay ng isang bata magpakailanman.

CASA
Court Appointed Special Advocates
FOR CHILDREN
SNOHOMISH COUNTY

IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN

Sa pamamagitan ng pagtataguyod ng inabuso o pinabayaang bata, binibigyan mo ang batang iyon ng boses - at pagkakataon sa mas mabuting buhay.

(425) 388-7854

CASA@snoco.org

Walang lugar na katulad ng pag-asa.

Mahalaga ang CASA sa pagtupad ng pinakapangunahing obligasyon ng lipunan sa pamamagitan ng pagtiyak na ipaglalaban at poprotektahan ng kwalipikado at mahabaging nasa hustong gulang ang karapatan ng bata na maging ligtas, pakitunguhan nang may dignidad at may paggalang, at matuto at lumaki sa seguridad ng nagmamahal na pamilya.

CHANGE A CHILD'S STORY.™

CASA
Court Appointed Special Advocates
FOR CHILDREN
SNOHOMISH COUNTY

ANG KAPANGYARIHAN NG NAGMAMALASAKIT NA NASA HUSTONG GULANG.

Ang mga bata at kabataang nakaranas ng pang-aabuso o pagpapabaya ay kasama sa mga populasyong pinakanalalantad sa panganib sa Amerika. Ang batang nasa foster na pangangalaga ay maaaring nakaranas ng pisikal, sikolohikal o emosyonal na trauma at mga taong walang katiyakan habang naghihintay siyang makauwi, maampon o makita lang kung ano ang susunod na mangyayari. Ang lahat ng kaguluhang iyon ay may mga pangmatagalang epekto. Ang mga kabataang namalagi sa foster na pangangalaga ay mas malamang na mahaharap sa pagkakakulong, kawalan ng tirahan at kawalan ng trabaho. Sila ay malabong makapagtapos ng mataas na paaralan at mas malamang na maging mga biktima ng pangangalakal ng tao at komersiyal na seksuwal na pananamantala.

Makakagawa ng napakalaking pagkakaiba ang pagkakaroon ng nagmamalasakit at hindi nagbabagong nasa hustong gulang para pakinggan at unahin ang pinakamabuting interes ng bata bago ang lahat ng iba.

Nariyan ang mga Boluntaryong CASA para magbago ng mga buhay sa pinakamapanghamong panahon sa buhay ng bata, at ginagawa nila ito. Ipinakita ng mga pag-aaral mula sa Packard FoundationI at sa Unibersidad ng Houston at Child Advocates, Inc.II na mas bumubuti ang kalagayan ng mga batang nakaranas ng pang-aabuso o pagpapabaya na may kasamang Boluntaryong CASA.

I Caliber Associates, “Pambansang Proyekto sa Pagsusuri ng Asosasyon ng CASA,” Fairfax, Virginia, 2004
II Waxman, H.C., Houston, W.R., Profilet, S.M., & Sanchez, B., “Paggawa ng Pagkakaiba sa Mga Buhay ng Mga Inabuso at Pinabayaang Bata: Pananaliksik sa Bisa ng Programa sa Espesyal na Tagapagtaguyod na Itinalaga ng Hukuman,” Unibersidad ng Houston at Child Advocates, Inc., 2005.

TULUNGAN KAMING PAGLINGKURAN ANG BAWAT BATA.

Magong Boluntaryong CASA.
Dumalo sa sesyon para sa impormasyon para malaman ang higit pa tungkol sa aming programa, kung ano ang ginagawa ng boluntaryo at kung paano kami maghahanda at susuporta sa iyo sa iyong gawain sa pagboboluntaryo. Bisitahin ang aming website para magparehistro: snohomishcountywa.gov/CASA o tawagan kami sa (425) 388-7854.

Maging kasosyo sa komunidad.
Kung ang iyong interes ay nasa pagbibigay man ng iyong pinansiyal na suporta, iyong panahon o iyong boses, maraming paraan para makibahagi. Makipag-ugnayan sa amin para malaman ang higit pa sa CASA@snoco.org o (425) 388-7854.

Buong komunidad ang kailangan para matigil ang pang-aabuso ng bata. Napakaraming bata sa ating komunidad na nangangailangan pa rin ng malakas na adbokasiya ng Boluntaryong CASA. Posible ang paglilingkod sa bawat batang nangangailangan ng boluntaryo, pero hindi namin ito magagawa nang mag-isa. Sa iyong tulong, magagawa naming mangalap, magsanay, at suportahan ang higit pang boluntaryo upang magawang makipag-ugnayan sa higit pang nangangailangang bata.

Ang mga batang may CASA

AY **mas malamang** na makakahanap ng ligtas at permanenteng tahanan.

AY **mas malamang** na magtatagumpay sa paaralan.

AY **bahagyang malamang** na muling papasok sa sistema sa foster na pangangalaga.

ANG MODELO NG CASA.

Ang mga Boluntaryong CASA ay itinatakda ng mga hukom para isulong ang pinakamabubuting interes ng bata. Nananatili silang kasama ang bata hanggang sa maisara ang kanyang kaso at makapunta siya sa ligtas at permanenteng tahanan.

Nakikipagtulungan ang mga boluntaryo sa mga propesyonal sa legal na usapin at kapakanan ng bata, tagapagturo, at iba pa para matiyak na nasa mga hukom ang lahat ng impormasyong kailangan nila para gumawa ng mga desisyong potensyal na makakapagpabago ng buhay para sa bawat bata.

Bisitahin ang snohomishcountywa.gov/CASA para sa higit pang impormasyon.